

Wika ng Lahi: Mga Natatanging Termino sa Ilang Piling Ritwal at Paniniwala ng mga Imangali

MARYJOYCE D. WANGIWANG

mdwangiwang@ksu.edu.ph

Kalinga State University

ABSTRAK

Bawat pangkat ng mga taong naninirahan sa isang komunidad ay may natatanging kaibhan sa wika, paniniwala, mga ritwal, mga gawain, at ibang sangay ng kultura. Ito ang mga tatak ng isang lahing nagbuklod at nagpakilala sa kanilang kasarinlan. Ito'y mapapatunayan sa pag-aaral na ito na may layong maidokumento ang mga natatanging paniniwala at ritwal, matukoy ang mga wikaing ginamit mula pagkapanganak, pag-aasawa, at pagkamatay ng isang Imangali at ang mga pahiwatig na nakapaloob sa mga wikang ginamit, ganoon din ang mga ritwal at paniniwalang napili.

Kuwalitatibong palarawang pamaraan ang ginamit sa pag-aaral. Pakikipanayam, pagmamasid, at pakikibahagi ang mga pangunahing instrumentong ginamit. Nakatulong din ang pagbasa sa mga etnograpiya ng Kalinga at mga librong may kinalaman sa ugnayang wika at kultura.

Natuklasang may labindalawang natatanging wikain sa mga piling ritwal at paniniwala sa panganganak, labing-isa sa pag-aasawa, at labindalawa sa pagkamatay. Sa kabuuan ay may tatlong limang natatanging wikain ang mga Imangali na natatagpuan sa mga piling ritwal at paniniwala. Ang mga wikaing nagamit ay natatangi at walang katumbas sa ibang wika sapagkat nakaugat ang mga ito sa kanilang kultura, ang pagtangkilik nila sa mga ritwal at paniniwala ay mga tatak ng kasarinlan na siyang humubog sa kanilang pagiging Imangali. Ang mga naturang termino ay maaaring isanib o isama sa mga asignaturang kultural at sa iba pang araling panlipunan upang itaas ang pag-unawa, pagtanggap, at pagpapahalaga sa mga kulturang Pilipino.

Mga Susing Salita: wika, lahi, ritwal, paniniwala, Imangali

ABSTRACT

Every community has a distinct language, set of customs, set of beliefs, and other cultural elements that define its members. Beyond itself, language always has meanings and references: the cultural norms of a given social group are reflected in the meanings of a certain language. Interacting with a language entails interacting with its reference culture. Because of their close relationship, we could not comprehend a culture without having direct access to its language. This study aims to document the selected rituals and practices, identify the distinct language expressions used from birth to death, and to determine the implication of these language expressions.

Descriptive qualitative research methodology was utilized in the study because understanding concepts, opinions, or experiences requires collection and analysis. Results shows that there are 35 distinct language expressions used in the selected rituals and practices of the Imangali from birth to death. Twelve (12) on birth, eleven (11) on marriage, and twelve (12) on death. The language expressions used are distinct, these cannot be translated in any language but used as it is since these are in the context of the Imangali culture, these rituals and practices serve as a means of preserving their identity and will always speak of their being an Imangali. The linguistic expressions may be integrated or incorporated into cultural studies courses as well as other social science courses to promote understanding and acceptance, and appreciation of Filipino culture.

Keywords: *linguistic expressions, rituals, beliefs, Imangali*

TATLONG BAHAGI

I. Panimula

Bawat pangkat ng mga taong naninirahan sa isang pook, bayan, pamayanan o bansa ay may sariling kultura. Kulturang sumasalamain sa pamumuhay ng mga taong nananahanan sa isang pamayanan, tulad ng kanilang sining, literatura, paniniwala, at kaugalian. May dalawang uri ng kultura, ito ay ang materyal na kultura at di-materyal na kultura. Binubuo ng materyal na kultura ang mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal, nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay at pagkain, samantala, ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanapbuhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura (Garcia, 2009).

Kasabay ng pagpapanatili sa kultura ay ang pagpapanatili sa wika, wika na siyang magbubuklod sa mga tao sa lipunang kinabibilangan at sa bansang sinasakupan. Mahalagang pagtuunan ng pansin kung paano pananatilihin ang mga terminong nagiging tatak ng ating lahi, mga salitang magpapabatid kung sino at ano tayo sa pamamagitan ng mga bagay-bagay at pangyayari na isinisimbolo.


Isa sa mga baryo ng probinsiya ng Kalinga ang pagtutuunan ng pag-aaral ng mananaliksik dahil sa mga natatangi nitong termino na nagbabantayog sa kanilang pagkakakilanlan bilang Imangali (mga taong naninirahan sa Mangali). Mga terminong nagbubuklod sa pagiging Imangali nila na nakaugat sa kanilang kultura. Sa kanilang mga ritwal at paniniwala sa panganganak, pag-aasawa, at pagkamatay ay may mga terminong ginagamit na magpapakita sa kanilang kaibhan sa ibang baryo ng Kalinga, dito makikilala ang ugnayan nila sa kanilang pamilya, sa kapuwa at sa lipunan. Masasalamain din ang kanilang mga kaugalian tulad ng pagiging matulungin, magiliw, magalang, at pakikiisa sa lahat ng kanilang mga gawain maging sa oras ng kalungkutan at kasiyahan.

Mga pagpapahalagang hindi dapat mabura kundi lalong isagawa upang mapanatili ang magandang tatak ng lahing Imangali. Kung ihahambing ang mga termino mula sa mga ritwal at paniniwala ng mga Imangali sa ibang lugar ng Cordillera, mayroon din silang mga ritwal at paniniwala at may sariling tawag o termino ngunit kaiba sa mga Imangali. Halimbawa sa Ifugao, isa sa mga ritwal na ginagawa sa patay ay ang tinatawag na *Ammuhu* – bago ilagay ang mga labi sa kabaong ay kailangang ilipat-lipat ito sa bahay ng mga anak bilang pagtanggap, pati na rin sa mga kaanak kung nais. Sa Benguet man ay mayroon din tulad ng tawag na *Nangmesan Sha*. Ito ay isinasagawa sa unang araw kung saan ang katawan ng patay ay pinapaliguan bago ilagay ang kaniyang mga damit pagkatapos ay pauupuin sa *sangashelas* – yari ito sa kawayan na parang upuan, hawig ng *sangadil* sa mga Imangali. Ang terminong *ngorab* ay *pre-burial* na ritwal ng mga taga-*Mountain Province* na may layuning bigyan ng pahintulot ang mga miyembro ng pamilya na makiisa sa mga gawain sa lamay (Celino 1990).

SINO ANG IMANGALI?

Ang Mangali ay isang *ethnolinguistic cluster* sa Tanudan na binubuo ng anim na barangay: Poblacion, Mangali Centro, Anggacan Sur, Anggacan Norte, Lower Mangali, at Bawak. May sarili silang wika bagamat nagkakaunawaan sila sa mga karatig baryo ng Tanudan ay magkakaiba sa maraming termino at lalong magkakaiba sa tono at paraan ng pagbigkas tulad ng salitang **pilapil**, sa Mangali – *banong*, na *katel* sa baryo ng Talocloc, at *pigor* sa baryo ng Dacalan, bukod pa rito ang magkakaibang tono. Mula sa siyudad ng Tabuk, kailangang sumakay ng mga tatlong oras hanggang sa may ilog at simulang lakarin ang mga pilapil ng kabukiran nang isang oras bago marating ang unang barangay.

Barayo ng Manggalí



Manggalí Rice Terraces



Tulad ng ibang lugar sa Cordillera, ang mga Imangali ay nagtatanim din ng palay, kape, at gulay na siyang pinagkukunan ng kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, lalo't sila ay malayo sa sentro ng kabihasnán. Kadalasan ang mga produkto nila ay hindi naibebenta sa palengke dahil sa kalayuan kaya't nangyayari ang *barter system*. Sa kasalukuyang panahon na halos lahat ay iniaasa sa paggamit ng modernong teknolohiya, ang mga Imangali ay nananatili sa katutubong paraan ng pagsasaka dahil naniniwala silang mas mapepreserba ang kalikasan ng mga bukirin at taniman nila at lalong hindi sila gumagamit ng mga kemikal na pataba. Isa sa kakaibang paraan nila ng pagpapatuyo ng palay ay ang pagsasalansan ng mga naaning palay na binibigkis gamit ang pinanipis na kawayan upang madaling matuyo. Makikita sa ganitong paraan na kahit iniwan sa bukid ang mga palay ay walang mawawala, nagpapakita ng kabutihang-loob, tiwala sa kapuwa at pagrespeto sa kultura.

Mahal nila ang kanilang kultura, ang kanilang sayaw, awitin, mga ritwal at ito'y naipapakita sa iba't ibang mga sitwasyon sa kanilang lugar. Makikita sa mga larawan ang masayang pagsali ng mga bata, Kabataan, at matatanda sa mga gawain sa kanilang komunidad.

Paraan ng Pagpapatuyo ng Palay

Pagtutulungan- Pag-aalay ng inandila (kakanin) at paglalagay ng pera sa ibabaw (nakaipit sa piraso ng kawayan) ng mga kamag-anak ng matandang may sakit para gumaling



Pag-awit at Pagsayaw



Likas din ang pagiging matulungin nila, ang salitang bayanihan ay buhay na buhay pa, ang pakikiisa sa anumang kaganapan maging sa kasiyahan o sa kalungkutan ay ugaling laging ipinapaalalang huwag kalimutan ng mga magulang sa kanilang mga anak. Lahat ng miyembro ng komunidad ay may kani-kaniyang gagawin bilang pagtulong sa may okasyon o sa pamilyang nangangailangan.

Matatandang babaeng sama-samang nagluluto ng kanin para sa mga taong naglalamay at mga kalalakihan naman sa pagparte ng baboy o kalabaw na uulamin ng mga tao.



Pagbuhat mula sa malayo ng kakataying Baboy para sa ikakasal



Pagturo sa mga bata kung paano ang katutubong pagluto ng kanin para hindi masunog.



Ang mga larawan ay kuha mismo habang nagaganap ang mga pangyayari gamit ang *cellphone*. Ilan lamang ito sa mga kaugalian at katangian ng mga Imangali na nagpapakita ng kanilang kaibhan sa ibang karatig na baryo at probinsya. May mga katulad din ang mga ganitong kaugalian ngunit sa ibang pamamaraan, ang iba naman ay napasok na ng modernong teknolohiya at pangangalakal kaya't hindi na gaanong isinasagawa.

Isa sa mga hamon sa kasalukuyang panahon ay ang posibilidad ng unti-unting paglaho ng mga ritwal at paniniwalang ito dahil na rin sa paglipat ng ilang Imangali sa ibang lugar upang mag-aral, mamuhay, at ang iba ay nakapangasawa na rin sa ibang lahi. Kasabay nito ang mabilis na pagbabago sa larangan ng teknolohiya na nakaapekto sa pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng mga Imangali. Dahil dito, may pangangailangan sa pagdodokumento ng mga ritwal at paniniwala upang mapanatili ang magagandang termino na ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa pamilya, sa kapuwa, at sa lipunan ng mga Imangali at nang maiwasan ang posibleng pagkakaroon ng krisis sa identidad.

Kung hindi mapapanatili ang karunungan ng bata sa kaniyang katutubong wika, maaaring may mahahalagang bagay na mawawala tulad ng kaniyang ugnayan sa pamilya at sa lipunang ginagalawan. Upang maiwasan ang tuluyang pagkamatay ng mga wika, iginiit ni Quintayo ang kahalagahan hindi lamang ng paggamit ng wikang katutubo bilang paraan ng komunikasyon, ngunit pati na rin ang patuloy na pananaliksik at pagdodokumento ng mga wikang ito (Eberhard, David M., Gary F. Simons, 2023).

Ang pag-aaral ay isang *survey*, dokumentasyon ng mga ritwal at paniniwala ng mga Imangali at pagtala sa mga terminong ginagamit o napapaloob sa mga ito. Ito ay naisagawa sa pamamagitan ng indibidwal na pakikipanayam, pagmamasid, pakikibahagi at *focus group discussion*, ang kalalabasan nito ay magsisilbing dokumentasyong magpapanatili

sa kahalagahan ng kultura at wika para sa susunod na mga henerasyon ng mga Imangali. Tiyak na layunin ng pag-aaral na maisadokumento ang ilang piling ritwal at paniniwala ng mga Imangali batay sa kapanganakan, pag-aasawa, at pagkamatay, matukoy ang mga natatanging terminong ginagamit sa ilang piling ritwal at paniniwala, at matukoy ang kahulugang taglay ng mga ito.

MGA TERMINO SA ILANG RITWAL AT PANINIWALA NG MGA IMANGALI SA PAGANGANAK, PAG-AASAWA, AT KAMATAYAN

Ang paglalahad ng mga ritwal at paniniwala ay naaayon sa yugto ng buhay, ang pagkapanganak, pag-aasawa hanggang sa kamatayan. Sa bawat yugto ay may mga prosesong sinusunod ayon sa kanilang kultura kaya ang ayos ng mga terminong ginagamit ay hindi sumusunod sa ayos alpabeto kundi nakabatay sa kung anong ritwal ang dapat mauna, ganoon din sa mga paniniwala.

Ang mga larawan ay kuha sa mismong pinangyarihan ng mga ritwal. Samantalang ang ibang walang larawan ay sa dahilang ang mga ito ay hindi inirerepresenta ng isang bagay, kung hindi kabuuan, o kaya isang hindi kongkretong bagay o mga paniniwala.

A. PANGANGANAK

AGANGYAYAWAN (Mabilis ang bigkas)

Ang bayong na puno ng *moma* o nganga ay inihahanda sa bahay pagkatapos manganak ang ina upang may ngunguyain ang mga taong bibisita sa sanggol na bagong panganak. Ang *moma* sa mga Imangali ay isang bagay na napakamakabuluhan sa kanilang buhay sapagkat ito ang nagbibigay gana upang maisagawa ang anumang mga gawain nila.



KONTAD (Binibigkas ng walang tunog ang k)

Ito ang unang ritwal na gagawin pagkapanganak sa sanggol, magkakatay ng isang manok (*native*) sa unang gabi. Ito ay sa dahilang ang ina ay nangangailangan ng masustansiyang sabaw para may maipasuso sa sanggol ngunit ito ay hindi dapat nilalagyan ng asin para hindi raw makaranas ng sakit sa kutis tulad ng *scabies*. Ipinapakita rito ang pangangalaga sa ina at sa kaniyang sanggol sa pamamagitan ng paghahanda ng masarap at masustansiyang pagkain.

Samantala sa resulta ng pag-aaral na *Maternal and Infant Care Beliefs and Practices of Aeta Mothers in Central Luzon, Philippines*, ang mga nanay na kapapanganak pa lamang ay bawal kumain ng maaalat na pagkain para hindi matuyuan o makulangan ng sabaw ang suso ng ina (Leabres Jr. et al., 2019).

Kapag ito ay naluto na ay magyayaya ang ama ng pamilya sa buong baryo at isisigaw ang salitang *ANNA KONTAAAD*. Kapag ito ay narinig ng mga tao ay agad silang pupunta dahil ang ibig sabihin ay *may bagong panganak na sanggol* kaya sila magkakatay ng manok upang makibahagi sa pagkain kahit sabaw lamang. Ginagawa nila ito upang ipagbigay-alam sa buong baryo na may bagong miyembro sa kanilang pamilya. Nakikita sa ritwal na ito ang labis na kasiyahan ng pamilya sa bagong miyembro na kahit sa simpleng paghahanda ay naibabahagi pa sa iba. Mga bagay na nagpapakita ng pagpapahalaga sa buhay ng mga Imangali.



MASAMA/KABATI

(masama - malumay ang bigkas) (kabati - maragsa ang bigkas at walang tunog ang k)

Pagkaraan ng limang araw, ang mga magulang ng inang kapapanganak ay magluluto ng malagkit at magkakatay ng isang baboy. Aanyayahan lahat ang mga kapitbahay at ang mga kaanak sa kanilang baryo para makibahagi sa naturang pagdiriwang. Ang ritwal na ito ay ginagawa bilang pasasalamat at pagbati ng *maligayang pagdating* sa bagong panganak na sanggol. Ang ritwal na ito ay ginagawa lamang sa una o panganay na anak babae man o lalaki, hindi katulad ng KONTAD na ginagawa sa lahat ng bagong panganak.

Ang salitang MASAMA o KABATI ay nakaugnay sa pagdiriwang ng bagong panganak na panganay na lalaki at ang panganay rin na babae. Ito agad ang unang maisip ng mga tao sa Mangali kapag inaanyayahan mo silang dumalo.



SIPAT

(Binibigkas nang malumay)

Isang paniniwala na kapag ang sanggol ay naipanganak ay lalagyan ang pulso ng tinaliang piraso ng luya o maliit na piraso mula sa buntot ng musang o *mutit* bilang proteksiyon ng sanggol sa masasamang espiritu, lalo kung siya ay ibibiyaha sa ibang lugar. Maiiwasan dito ang tinatawag na *Doknal*. Ang paniniwalang ito ay nangyayari kapag kinakausap ng mga di makitang espiritu ang sanggol na siyang dahilan ng walang tigil na pag-iyak at pagkabalisa. Nagpapahiwatig ng mga natural na kaalaman ng mga sinaunang tao na hininog ng panahon at mga karanasan na siyang dahilan ng lalong pagtangkilik hanggang sa kasalukuyang panahon. Sa Albay naman, kapag nagkasakit ang sanggol, naniniwala ang ina na nakagagamot ang paghaplos gamit ang laway na ihalalo sa nginuyang dahon ng *lawod* (*betel leaves*) para gumaling ang anumang sakit ng tiyan (Palacio et al., 2014).



TAYU-TAYU/SALDOY

(tayu-tayu - binibigkas nang malumay) (saldoy - binibigkas nang malumay at ang L ay may bar line sa taas)

Ito ay salitang binabanggit ng taong may hawak sa bata habang naglalakad sa biyahe upang maiwasan ang mga di nakikitang espiritu na tumingin o kausapin ang sanggol. Halimbawa, *tayu-tayu tubun di kayu adikayu angudu gudu, tubun di bogaw adi kayu anpokapokaw, adipun maila ikimit yu da ata yu adi kayu gumima-u, na nangagahulugang, tayu-tayu dahon ng mga puno, huwag kayong bumulong, dahon ng mga damo, huwag kayong magsisigaw, mga di nakikitang elemento ipikit ang mga mata, huwag kayong umawat*. Isang paniniwalang nagpapakita ng pagprotekta sa bata sa anumang masamang maaaring mangyari sa kaniya. Ipinapakita rin dito ang pagrespeto sa anumang elementong mayroon ang kalikasan.

PASAP-UY

(Binibigkas nang malumay at may glottal na pasara sa pagitan ng P at U)

Sa paglaki ng bata at kung hindi pa siya nakakalakad sa tamang edad ay isasagawa ang ritwal na ito. Ipuunta ang bata sa bahay ng mga lolo at lola upang isagawa ang **sap-uy**, ito'y ginagawa sa pamamagitan ng pag-ihip sa katawan ng sanggol at bubulong ng panalangin ng ganito: *Anginga ginga ka, an-ayaayag ka, anla-ay ka, annodtoddak ka, natnatnatton ka ta anodtoddak kad paway, awatom bilog ni ugsa*. Ibig sabihin, *maging masalita ka sana, maging mapagbati sa kapuwa, maging mabait, makalakad nang matuwid at mabilis tulad sa lakas ng usa*. Ang salitang *sap-uy* ay nangangahulugang panggamot sa anumang nararamdaman ng bata, mga sanhi kung bakit siya hindi makalakad. Bagay na nagpapahiwatig sa likas na pangangalaga ng mga Imangali sa kanilang mga anak, ipinapakitang ginagawa nila ang kanilang pinapaniwalaangmakagagamot upang mapalakas ang bata at makalakad.

DOMANG/UMAPU

(domang - binibigkas nang mabilis) (umapu - binibigkas nang maragsa)

Isa itong mahal na okasyon na inihahanda ng magkabilang panig na kaanak ng mga magulang ng bata. Magkakatay sila ng kalabaw upang pasalubungan ang pagdating ng mga apo sa kanilang bahay. Bago ang araw ng pagdiriwang, ipinapaalam sa mga ninuno ng ama ng bata na sadyang bibisita ang kanilang apo sa kanilang bahay at ipagsasabi rin sa lahat ng kaanak upang mapaghandaan ng lahat ang naturang okasyon. Samantala ang mga panig naman ng ina ng bata ay maghahanda ng espesyal na kakanin na tinatawag na *Inandila*. Sa paggawa nito'y may kahirapan kaya inaanyayahan ang lahat ng kababaihan sa baryo upang tumulong sa paghahanda nito. Ito'y isang espesyal na kakanin ng mga taga-Kalinga mula sa nabayong malagkit na babalutin ng isang dahong damo (*takung*) na hugis parihaba. Ito ay hahaluan ng maraming latik upang maging malasang-malasa. Kapag naluto na ang *Inandila*, ilalagay ng kababaihan sa mga *langaya* o parang bayong na lalagyan. Pagkatapos maiayos lahat ang matitirang inandila ay ibabahagi sa bawat isang nakitrabaho bilang pagtikim sa kanilang niluto. Kasabay ng pagbisita ng bata ay ang pagbuhat ng *langaya* na may inandila upang dalhin sa bahay ng mga ninuno ng ama ng bata, at sa pagdating nila ay maligayang tatanggapin ang pagdating ng kanilang apo. Ipinapakita dito ang pagmamahal ng mga lolo at lola sa kanilang mga apo, isinasagawa ito sa abot ng kanilang makakaya maging may kaya o wala sa buhay, mapasaya lamang ang kanilang mga apo.

AWIL

(awil - malumay ang bigkas)

Ang dalang *inandila* ay ibabahagi sa mga kaanak ng bata na naroon at bilang pagsubali at pagpapakita ng pagmamahal sa bata ay hahandugan siya ng manok, bungor, o maaari din namang pera. Hindi lingid sa ritwal na ito ang malapit na ugnayan ng magkakamag-anak, ang pakikibahagi at pakikiisa ay kitang-kita, ganoon din ang pagsuporta sa pagpapalaki sa bata.



Sa parehong araw ay magkakatay naman ang mga lolo sa ama ng bata ng isang kalabaw o maaaring malaking baboy kung kukulangin ang badyet o depende rin sa estadong kanilang buhay.

SIPAT

(sapat - binibigkas nang malumay)

Ito ay bahagi pa rin ng ritwal na *domang* kung saan ang mga ninuno ng bata ay magbibigay ng *sapat*. Ito ay isang uri ng *bongor*, *lumyang* o *addongan* - mga mamahaling *bongor* ng mga Ikalinga na ginawang pulseras, maaaring isabit sa leeg o sa kamay ng bata. Bukod sa mga ninuno ng bata ay maaaring magbigay ng sapat ang iba pang kaanak ng bata.

Addongan na bongor ng Kalinga (kuwintas)



Isa sa pinakamahalagang materyal na kultural sa mga Imangali ay ang bongor, isang kayamanang maraming gamit bilang simbolo ng halaga. Ang mga *Kalinga Heirloom Beads (bongey)* ay mga materyal kultural ng kagandahan na nagpapaalala sa kanilang nakaraan (Tuguic, 2016).

SALAW-AT

(salaw-at - binibigkas ito nang malumay na may glottal na pasara sa pagitan ng W at ikatlong A)

Ito ay kumot o *oban* na ibibigay sa nagdala at kumandong sa bata sa pagpunta sa bahay ng lolo at lola niya sa okasyon ng *domang* bilang pasasalamat. Para naman sa mga nagbuhat ng *inandila* o malagkit sa *langaya* ay binibigyan ng pera o maaaring maliit na baboy kung ito lamang ang mayroon. Ito ay pagkilala sa kagandahang-loob na ginawa, bagay na nagpapakita ng halagahan ng pasasalamat sa kapuwa.

OBAN



SIBIT

(sibit – binibigkas ito nang malumay)

Kahawig ito ng *domang*, ang kaibhan lamang ay mga lolo at lola ng bata sa ama ang gagawa nito, samantala sa *domang* ay parehong maaaring gawin ng magkabilang panig. Sa ritwal na ito, magkakatay ang mga lolo at lola ng bata sa ama at yayain ang buong tribu upang makikain. Manipestasyon ito ng pagmamahal ng mga lolo at lola sa apo sa abot ng kanilang makakaya. Ito ang mga bagay na pinakamataas na pagpapakita ng pagmamahal sa ngalan ng kultura, hindi lamang ito tungkol sa pagkatay ng hayop kundi ang magandang layunin ng okasyon.

POLOT

(polot – binibigkas nang mabilis na may bar line sa taas ng L)

Tumutukoy ito sa unang paggupit sa buhok ng bata. Sa unang paggupit sa bata mula nang maipanganak ito ay kailangang magkatay ng isang tandang upang ang bata ay lumaking malakas at matapang parang sa tandang. Ipinapakita sa ritwal na ito ang lubos na pag-aalala sa kapakanan ng bata habang lumalaki. Nais ng mga magulang na lumaking malakas at malusog ang bata sa kaniyang pagkakalikha bilang isang lalaki.

B. PAG-AASAWA

May dalawang uri ng pag-aasawa sa mga Imangali, ito ay ang:

1. Kontrak (Contracted Marriage)

Tumutukoy ito sa uri ng pag-aasawa kung saan ang mga magulang ang may kasunduan. Madalas itong nangyayari sa mga panganay na anak na kailangang ihanap ng panganay din na anak na kaparehong may minanang ari-arian sa mga magulang. Maaari ding hindi panganay ngunit may kapantay na ari-arian (Manisem, 2014). Ang ganitong uri ng pag-aasawa ay walang katiyakan. Maaaring sa paglaki ng mga bata at kung sila ay may sarili nang pag-iisip, sila ang mamimili ng aasawain. May mga pagkakataon ding magkakatuluyan ang mga ito lalo kung pinapahalagahan nila ang nakagisnang kultura at kontrolado ng mga magulang ang mga desisyon nila. Maaari ding magkakatuluyan ang mga ipinagkasundo kung nagkataon din na mahal nila ang isa't isa. May mga dahilan ng sistemang kontrak (A. Reyes, 2014): ginagawa ito ng mga may kayang pamilya upang manatili ang kayamanan ng magkabilang panig at upang manatili rin ang estado nila sa lipunan; upang mapanatili ang ugnayan ng lahi kung hindi man ay magiging malapit pa lalo ang magkabila; upangmagkaayos ang dalawang panig bilang isang solusyon, lalo kung may mga alitan sa pagitan ng dalawang pamilya; at minsan ay para sa seguridad ng babae sa anumang maaaring panganib sa buhay niya.





Ayon sa natuklasan ni Reyes sa kaniyang pag-aaral, hindi kaiba ang pag-aasawa ng mga Ifugao, ipinagkasundo rin ng mga magulang at ang mga nakatatanda sa kanilang komunidad. *The Ifugao wedding is a well-established ritual in Chaja interwoven with traditional ceremonies and rites and requires material and financial offerings in the observance of the ceremonies.* Sa karamihan, ang ganitong okasyon ay magastos dahil ito ay dinadaluhan ng lahat ng kaanak, mga kaibigan at lahat ng tao sa sinasakupang komunidad (A. Reyes, 2014). Ang pagbibigayan ng anumang bagay mula sa parehong panig ng babae at lalaki ay isang kontrol o kondisyon upang ang dalawang ipinagkasundo ng mga magulang ay magkakatuluyan (Pauls, 2023).

Kung matuloy ang kasunduan, narito ang proseso.

BADONG

(badong - binibigkas ito nang mabilis)

Ang *badong* ay isang *dote* o *dowry* na ibibigay ng mga magulang ng lalaking anak sa mga magulang ng babaeng anak bilang palatandaan na magsisimula na ang pormal na kasunduan ng magkabilang panig. Ito ay sa pamamagitan ng *bongor* (kuwintas), maaaring *addongan/kinubal/malda-u o impit* – ito'y mga uri ng bongor ng mga Imangali na mamahalin. Sa oras na tinanggap ito ng kabilang panig, pag-uusapan na ang araw ng *balbalikas*. Ipinapakita dito ang halaga ng kasunduan ng dalawa, bagay na hindi basta ipagwalang-bahala kundi pakaiingatan panghabang-buhay ng mag-asawa. Ayon sa pag-aaral ni Twala (2007) sa pamamahala sa buhay-panlipunan ng mga tao sa Zulu at Swazi, ang mga *bongor* (*beads*) ay itinuturing na panlipunang parusa sa mga kadahilanang ito ay ginagawang mga tanda o *token* ng pagmamahalan ng dalawang tao mula sa magkabilang tribu.



DADDAWAY

(daddaway – binibigkas nang mabilis)

Bago ang araw ng *balbalikas*, ang magkabilang mga magulang ay magkakaroon ng *daddaway* o kaya *ak-katod*. Ito ay ang pagbibigayan ng mga gulay o prutas na mayroon bilang palatandaan na bahagi sila ng pamilya ng kabilang panig. Likas sa mga Imangali ang pagbibigayan ng mga gulay, prutas o anumang bagay na maaaring ipamigay lalo sa mga produkto ng agrikultura, gawa ng walang kalsada upang ibenta sa palengke. Ngunit sa daddaway, madalas na nagbibigayan ang dalawang pamilya kahit kaunti lamang basta may maibigay. Ito'y pagpapakita ng respeto sa pamilya ng mapangasawa.

BALBALIKAS

(balbalikas - binibigkas ito nang mabilis)

Bago ang araw ng *balbalikas*, lahat ng mga kaanak ng dalawang panig at ang mga tao sa buong nayon ay inanyayahan

na dumalo upang makibahagi. Ito ay gaganapin sa bahay ng babae na magiging asawa. Dito na gagawin ang pagkatay ng kalabaw kung saan hahatiin ito sa dalawang bahagi. Ang kalahati ay siyang iluluto at kakainin ng lahat ng dumalo, samantala ang bandang ulo o *lungus* ay ibibigay sa panig ng lalaki na iuuwi at susundan ng ilang katao. Isinasagawa ito bilang pagpapakita ng buong pagsuporta ng mga pamilya ng dalawang magkontrak. Hindi lamang ang mga pamilya kundi ang suporta ng buong tribu, magsisilbi rin silang saksi sa kasunduang ito kaya hindi ito basta madaling masira. Kung masisira man o hindi sila magkakatuluyan ay kailangan ding dumaan sa maraming ritwal at nang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan ng magkabilang panig.



SUBBAT

(subbat – binibigkas ito nang malumi)

Pagdating sa bahay ng lalaki ay magkakatay din sila ng baboy bilang *subbat*. Ito ang magiging hapunan ng mga taong dadalo. Dito na pag-uusapan ang tungkol sa *salaw-at*. Pagkakapantay ang ipinapahiwatig nito anuman ang estado ng pamilya sa buhay. Nagpapakita rin ito ng pagbati sa pagdating ng magiging manugang sa pamilya.



SALAW-AT

(salaw-at – binibigkas ito nang malumay na may glottal na pasara sa pagitan ng W at ikatlong A)

Ang *salaw-at* ay anumang bagay na ibibigay sa mga nagdala ng *lungus* o ulo ng kalabaw. Maaaring damit o pera, depende sa kung anong mayroon ang maghahandog, bilang tanda ng pasasalamat at pagrespeto sa mga tumulong at nakibahagi sa okasyon. Pagkatapos ng *subbat* at *salaw-at*, ang mga kaanak ng lalaki naman ang magdadala ng *lungus* ng baboy sa bahay ng babae. Hindi na kailangang samahan ng ibang tao.

Mga halimbawa ng mga bagay na maaaring ibigay bilang *salaw-at*



Maaaring bilang pasasalamat at pagrespeto sa mga kaanak na nagdala ng *lungus* ay aalayan ng basi o maaaring pakainin lamang. At katulad ng nagyaring *salaw-at* sa una ay gagawin din sa mga kaanak na naghatid ng *lungus*. Ito ay pagkilala sa tulong o pakikiisa sa okasyon ng *balbalikas*, pagpapahalagang hindi dapat kalimutan sapagkat ang lahat ng bagay na ipinagpapasalamat ay may karagdagang biyaya.

MITALOG

(maitalog– mabilis bigkasin na may bar line sa taas ng L)

Ito ang pagtira ng babae sa bahay ng mga magulang ng lalaki ngunit ito ay mangyayari kung ang babae ay nasa edad na kayang gawin ang mga trabaho sa bahay tulad ng paghuhugas ng mga pinaglutuan at pinagkainan, pag-iigib ng tubig, pagbabayo ng palay, paglalaba at iba pang gawaing bahay. Maaari ding ang lalaki ang makitira sa bahay ng mga magulang ng babae kung marunong din siyang gumawa ng mga gawaing panlalaki sa bahay tulad ng pagsibak ng kahoy, pangangahoy at iba pa. Ito ay upang masanay sa pagiging kaisang pamilya. At dahil mga bata pa sila ay hindi muna papayagang magkasiping hangat hindi narating ang tamang edad. Sa kaugaliang Imangali ang paggawa ng mga trabahong bahay sa pamilyang dinatnan ay pagpapakita ng pagrespeto at pagmamahal. Dito sinusubok kung siya ba talaga ay karapat-dapat na maging asawa ng kanilang anak at ito ay paraan na rin upang magkaroon ng sapat na pagkakataon na makibagay sa pamilyang dinatnan.

2. Ang Pangkaraniwang Pag-aasawa

Bukod sa kontrak na paraan ng pag-aasawa, karamihan din sa mga Imangali, katulad sa iba pang mga lugar, ang pag-aasawa ay maaari ding sa ngalan ng pag-ibig. Sa karaniwang pag-aasawa, ang indibidwal ay may sariling pamantayan sa pagpili ng nais niyang maging asawa tulad ng pagiging magalang, mapagpakumbaba, mabait, masipag, marunong makipagkapuwa lalo sa mga magulang ng aasawain at iba pang dahilan (Barton, 1994). Noong unang panahon, ang unang hakbang ng panliligaw ay sa pagbibigayan ng *moma* o nganga ng mga Imangali. Kapag nagugustuhan ng binata ang isang dalaga ay mag-aalay ng nganga sa dalaga at kapag ito’y tinanggap ng dalaga, ibig sabihin ay may gusto rin ang dalaga sa binata, kasabay noon ang pagkukwentuhan nila tulad ng *Idawawak de moma ta an-ig igammuwanta* (Ibibigay ko ang nganga upang tayo’y magkakilala). Kapag hindi tinanggap ay nangangahulugang hindi siya gusto. Ang ganitong kaugalian ay naipakita rin sa kuwento ng *ullalim - The Magical Birth of Banna* ni Francisco Billet (2001) kung saan ang pag-ibig ni Dulliyaw kay Dulaw ay nagsimula sa pagnguya ng nganga kaya nabuo ang anak na si Dulliyaw. Ipinakita sa kuwento ang kapangyarihan ng *moma* sa mga Ikalanga.



GAGGAKAY

(gaggakay – malumay bigkasin, walang tunog ang K)

Ang sumunod na hakbang ay ang *gaggakay* – naipakita na may palatandaang may gusto ang babae dahil sa pagtanggap ng *moma* kaya isusulong na ng binata ang panliligaw. Ang binata ay aakyat ng ligaw sa dalaga sa gabi kapag tulog na ang mga tao para walang makakita at nang maiwasan ang ibang taong makikialam nang hindi pa nabubuo ang pagliligawan. Para papasukin sa loob ng bahay ay haharanain muna ng binata sa pamamagitan ng *kullitong* o *baladong* – mga instrumentong yari sa kawayan ng mga Imangali. Sa puntong ito, hindi kaaya-ayang tingnan kung bubuksan ng dalaga ang pintuan para makapasok ang binata dahil ang ipinapahiwatig nito ay madali lamang makuha ang babae, kaya ang bahay ng dalaga ay saradong-sarado at ang binata na ang maghahanap ng paraan upang makapasok. Hindi ito nagpapahiwatig ng kawalang galang dahil ito talaga ang nakaugalian upang hindi masabing mababang uri ka ng babae. Kailangang maghirap ang lalaki bago siya makapasok. Wala rin itong bahid malisya na maaaring magnakaw ang tao o manloloko kung hindi, ito ay bahagi lahat ng isang panliligaw upang masubok ang katatagan ng manliligaw. Kung nagkasundo na ang dalawa ay hahakbang na sa *badong*.

“Courtship whistling” is a way for couples to plan meetings together later on. Formerly, it was done with a flute until 1915. Each couple has their own unique tone, recognizing the other and creating their own code of whistles that no one else can understand. Although only short messages are usually exchanged, the Kickapoo can carry out entire conversations — adding new meaning to the phrase: “left me breathless.” (Global Citizen, 2023)



BADONG

(badong - binibigkas nang mabilis)

Kung may kasunduan na ang dalawa na magkakatuluyan, ang binata ay hihingi ng *bongor* - karaniwang *impit* (uri ng *bongor*) sa mga magulang niya para ibigay sa dalaga bilang tanda ng pagmamay-ari na niya sakaniya. Ibig sabihin hindi na siya puwedeng ligawan ng iba at hindi na rin maaaring manligaw ng iba ang binata. Isang pangako ang pagbibigay ng *bongor* na hindi dapat mabalewala at tanda ng malinis na layunin sa nililigawan.

NGILIN


(ngilin - binibigkas nang malumay)

Ito ang araw kung saan ipapahayag sa mga tao na ang dalawa ay mag-asawa, magkakatay ang mga magulang ng lalaki sa kanilang bahay sa dakong umaga bilang pagtanggap sa dalagana kaniyang mga manugang. Ang pagdiriwang ay lalahukan ng mga kaanak ng magkabilang panig at ang mga kanayon upang sila ay magbibigay ng mga payo sa kung paano maging matagumpay ang pagsasama ng dalawa. Ipinapaalala din dito ng matatanda ang tatlong pinakaesensiyal na mga pagpapahalaga ng mga Ikalanga: ang *paniyaw*, *ngilin* at *ba-in*. Ang *paniyaw* ay isang napakahigpit na pagbabawal sa isang kilos base sa paniniwalang ang kaugalian ay sagrado at hindi ginagawa ng isang ordinaryong tao sapagkat ito ay may kaakibat na parusa mula sa mga *sobrenatural*. Ang *ngilin* naman ay tumutukoy sa mga limitasyon na dapat sundin ng isang pangkat-etniko. Ang *ba-in* ay tumutukoy sa anumang gawaing may kinalaman sa pagrespeto sa sarili, sa kapuwa at kay kabunian (S. Reyes, 2001).

AN-IYAKTOY

(an-iyaktoy – binibigkas ito nang malumay na may *glottal* na pasara sa pagitan ng N at I)

Isang ritwal ang pagbasa sa atay ng kinatay na baboy na isasagawa ng isang matandang bihasa sa ganitong gawain. Sa kaniyang pagbasa, kapag ang atay ay may sugat o kaya’y may itim na bahagi, ibig sabihin may nagbabadyang suliranin sa mag-asawa o maaaring hindi sila magkasundo at kapag naman ang atay ay malusog at walang bahid na sugat nangangahulugan naman itong magkakaroon ng magandang pagsasama ang mag-asawa. Ang ngilin ay dapat na panandalian lamang upang maiwasan ang anumang gulo na maaaring magawa ng mga lasing na kalalakhian sapagkat paniyaw, maaaring ang pagsasama ng mag-asawa ay magiging magulo rin habambuhay.




LAPA o ang malamang hita ng nakatay na baboy, pagkatapos ng *ngilin* sa bahay ng lalaki ay iuwi ang hita ng baboy sa bahay ng babae bilang tanda na siya ay *naingilinan* (tapos na ang ngilin) at siya na ay ganap na asawa. Sa puntong ito ay magkakatay naman ang mga magulang ng babae upang ipaalam ang pagtanggap sa asawang lalaki, magkakaroon din ng programa upang ipahayag din ng matatanda ang kani-kanilang mga payo sa mag-asawa.



ATOD

(atod - binibigkas ito nang mabilis)

Ang atod ay isang ritwal na isasagawa kapag ang mag-asawa ay hindi nabibiyayaan ng anak, ito ay sa pamamagitan ng pagluluto ang mga magulang ng asawang babae ng *inandila* (espesyal na kakanin ng mga Ikalinga) upang ihatid sa bahay ng mga magulang ng asawang lalaki kasama ang isang matandang tagapagsalita o *mediator*. Sa bahay ng mga magulang ng lalaki, bilang tugon ay magbibigay sila ng mga piling *bongor* o kuwintas, dalawang pirasong *lumyang*, isang pirasong *impit*, limang pirasong (bogas) mamahalin, isang *tinukduwan*, *tinali (patundanum)*, *tinali (kinubal)*. Ang mga ito ay mga uri ng *bongor* o kuwintas ng mga Imangali na ibibigay sa layong magdadala ng magandang kapalaran sa mag-asawa at magkakaroon ng maraming anak ang mag-asawa, at dahil mamahalin ang mga ito ay pinaniniwalaan ding magdadala ng magandang pamumuhay sa mag-asawa. Sa pagwawakas ng ritwal ay bibigyan ang *mediator* ng *salaw-at*, maaaring pera o gamit bilang pasasalamat sa pagsama at sa maayos na daloy ng kaganapan.



C. Pagkamatay

BOGGA

(bogga - binibigkas ito nang malumay)

Ito ay agarang pagsigaw sa oras na nalagutan ng hininga upang ipaalam sa buong tribu na may namatay. Isinasagawa ito ng tatlong beses para marinig ng lahat, sa oras na may *nagbogga (wooww!)*, agad magsisidatingan ang lahat ng tao upang makiramay at tumulong sa mga gawain sa bahay ng namatayan. Sa ganitong pagkakataon, lahat ng mga tao sa komunidad ay magtutulong-tulong upang maisagawa ang paghahanda sa bahay ng namatayan, indikasyon ng pakikiisa at pagtutulungan ng buong komunidad.

SANGDIL

(sangdil - malumay ang bigkas nito)

Halos kasabay ng *bogga*, ang *sangdil* ay ang pagkatay ng maliit na baboy upang ialay sa mga hindi nakikitang elemento o multo. Kailangang marinig ang pag-iyak ng biik para mabaling ang atensiyon ng mga multo at hindi maagaw ang bangkay. Habang pinapatay ang biik ay may binubulong ang isang matanda, kinakausap ang mga di nakikitang elemento para sila'y lumayo-layo at nang wala nang kikitlin pang buhay.

TONGYAB

(tongyab - binibigkas ito nang malumay)

Ito ay pag-inom ng *bayas* o alak bilang kapares ng *sangdil* o ang maliit na baboy na kakatayin para maamoy ng masasamang espiritu at makalayo-layo sila sa bahay ng namatayan. Ito ay pagpapakita ng pagrespeto sa mga elementong hindi nakikita na bahagi ng kalikasan, pagsasaalang-alang sa ibang nilalang na bahagi ng sanlibutan.

BAWI

(bawi – ito ay binibigkas nang malumay)

Isang damayan na ritwal kung saan ang mga katribu ay sama-samang magtatayo ng mga kahoy o kawayan sa harap mismo ng bahay ng namatayan at ito ay lalagyan ng mga *kumut* o dahon ng mga saging upang pagsilungan ng mga tao sa araw-gabi na pagbabantay sa patay at pakikiramay sa pamilya. Sa mga Ibaloi naman, nagbabayanihan din sila sa mga gawain sa panahon ng paglalamay tulad ng pagpapaligo sa katawan ng namatay ng mga malayong kaanak habang ang ibang katribu naman ay abala sa paggawa ng upuan ng bangkay.

SANGDIL

(sangdil - binibigkas ito nang malumay)

Ito'y paraan ng pag-ayos sa bangkay kung saan paupuin sa isang parang upuang pasadyang ginawa na yari sa kawayan. Ito ay ginagawa upang ipakita ang kagandahan ng namatay sa pamamagitan ng pagsuot o paglagay ng mga ari-arian tulad ng *bongor*/kuwintas na ilalagay sa may noo at sa leeg, *lubay* na ilalagay sa tainga, *tinali* (maliliit na *bongor*) sa may pulso, *panay*/porcelain upang pagpatungan ng kamay, *gusi* na ilalagay sa may paanan at ang pagsuot ng *ginamat*/kain (saya ng mga Imangali). Katulad din ng mga Tingian, sinusuotan ang bangkay ng pinakamagandang damit at ito ay isinasayos sa upuan at nilalagyan ng *suwaho* sa bibig, samantala sa mga taga-Benguet naman ay pinipirangan ang mga mata ng bangkay bago iayos sa upuan sa may entrada ng bahay. Sa Sagada naman ay ibinibitin ang bangkay sa matatarik na bahagi ng bundok sa paniniwalang para lumapit sa langit (Newcomb, 2023)

Panay



Lubay



Ginamat



Gusi



Tinali



Bongor



LUBANG

(lubang - binibigkas ito nang malumay)

Isang kagawian sa unang araw ng lamay kung saan, bata man o matanda ay magtutulungan sa paghukay ng libingan (matatanda) at paghakot ng bato (mga bata at matatanda) na gagamitin sa libingan. Magkakatay ang namatayan ng baboy at ibabahagi ang karne na hindi pa luto sa lahat ng tumulong bilang pasasalamat. Manipestasyon ito ng pagkilala sa kagandahang-loob ng mga katribu, at pagpapakita rin ng komunidad sa pakikiisa at pakikiramay nila sa pamilya ng namatayan sa mga oras ng pighati na kanilang nararanasan.

Sa pag-aaral naman ni Agnes Reyes (2014), isang ritwal ng mga Ifugao sa patay ang tinatawag na *ammuhu* na isinasagawa bago ilagay ang bangkay sa loob ng kabaong. Kailangan muna nilang ilipat-lipat sa bawat bahay ng mga anak at kung ninais pa ay maaaring pati sa bahay ng mga kaanak, ang bawat paglipat ay may kaakibat na tulong pinansiyal. Tulad din sa Mangali, bawat kainan ay magkakatay sila ng baboy na iluluto para may kakainin ang mga taong nakikipaglamay. Sa Mangali ay hindi lamang baboy ang puwedeng katayin dahil maaari din ang kalabaw o baka, depende sa kung ano ang kaya ng pamilya.

Samantala sa mga Ibaloi naman, ang pagkatay sa mga hayop para sa mga patay ay kailangang pares (*even numbers*). Pinaniniwalaang ang ganitong pagkatay ay isang sakripisyo upang magbigay ng kasiyahan sa kaluluwa ng namatay, kasalungat naman ng mga *Karaos* kung saan kailangan namang isa-isa (*odd numbers*) ang pagkatay (Celino, 1990).

UTUNG

(utung - binibigkas ito nang mabilis)

Ito ay pagkatay ng isang kalabaw na karaniwang isinasagawa sa ikatlong araw ng lamay, bawal kainin ito ng mga kapamilya at kaanak ng namatay dahil kapag kinain mo ito, para na ring kinain mo ang inyong kaanak na namatay. Sadyang para lamang ito sa mga taong hindi kaano-ano ng namatay na dumalo sa lamay. Sa Kaigurutan, karaniwan ang pagkatay ng mga hayop tulad ng baboy, baka, at kalabaw kapag may namatay na miyembro ng pamilya bilang pag-aalay sa mga ninunong lumisan na. Hindi rin kaiba ang kaugalian ng mga Ifugao kapag may namatay, halos bawat kainan ay nagkakatay sila ng mga hayop para ialay sa kanilang diyos at sa mga naninirahang ninuno sa kanilang lugar. Kailangan din nilang pakainin ang lahat ng taong nakikipaglamay sa araw at gabi.

DANDAN-AG

(dandan-ag – binibigkas ito nang malumay na may glottal na pasara sa pagitan ng ikalawang N at ikatlong A)

Kapag ang namatay ay isang matanda na at may mga apo, ang *dandan-ag* ang siyang isasagawa. Ito ay binubuo ng grupo ng kakabaihan at kalalakihan na magsasagutan, isa itong awit o *chant* na pumapaksa sa mga napagtagumpayan niya sa buhay at magagandang alaala noong siya ay buhay pa.

Halimbawa ng mga linya

Kababaihan: *Ak ina e ummoyon, pugsatom de ullatoy ta iyagay da matoy.* Inang lumisan, sirain ang tulay ng kamatayan nang wala nang kasunod pang mamamatay. (Ang ina ay maaaring palitan depende sa namatay)

Ito ay pagpapahayag ng kalungkutan sa yumao na tulungan sila upang wala na sanang kasunod pa, nang hindi na maulit ang ganitong nararamdamang kalungkutan.

Kalalakihan: *Nassuwoy de allagoy, natoy de amappagoy.* Panghihinayang at nalagot na ang taong masipag.

Ito ay pagpapahayag ng panghihinayang sa katangian ng taong yumao dahil sa kaniyang kasipagan noong nabubuhay pa.

SUSSULAY

(sussulay - binibigkas ito nang malumay)

Ito ay isang larong ligawan sa pamamagitan ng pangkatang pag-awit, may dalawang panig na magsasagutan nang paawit. Ang panig ng matatandang kakabihan ang magsisimula ng isang pag-anyaya upang ipakilala ang isang dalaga, pakikingan naman ng kabilang panig ng mga matatandang kalalakihan upang sagutin naman ng pagpapakilala rin ng isang binata hanggang mabuo ang kuwento ng pagliligawan ng dalawa sa pamamagitan ng sagutan ng awit. Kung magkasundo ang usapan ng dalawang panig ay maaaring magkatuluyan ang dalawa.

Grupo ng kababaihan: *tuwak kad de balliga, idatong nu pammoma.* May dalaga dito, iparito ang *moma* (nganga)

Ito'y panimulang pagyaya sa kabilang panig upang sumagot, ang tinutukoy na dalaga rito ay ang nais nilang ipareha sa binata.

Grupo ng kalalakihan: *Tuwak kad de tunggayu, iddatong nu tubaku.* May binata dito, iparito ang *tubaku* (tabako).

Ito naman ang isasagot ng kabilang panig bilang pagtanggap sa hamon ng panig ng kababaihan, ipinarating nila sa kabila ang kagustuan sa dalaga mula sa binata sa kanilang panig.

ADANG

(adang - binibigkas ito nang mabilis)

Ito ay isang halimbawa ng bayanihan ng mga tribung Mangali sa pamamagitan ng pagtulong sa namatayan upang may gagamitin sa paglalamay upang hindi mahirapan ang pamilya ng namatayan sa mga gastusin o abuloy. Ang *adang* sa mga Imangali ay maaaring pera, aso, baboy, kalabaw, bigas, gulay, kape o anumang maaaring ibigay na kailangan sa panahon ng paglalamay. Ang mga abuloy na may buhay tulad ng mga hayop ay sapilitang papalitan kapag namatayan naman ang mga nagbigay ngunit sa mga ibang hindi buhay ay hindi naman sapilitang palitan. Ipinapakita rito ang halagahan ng pagtutulungan, pakikiisa, at pakikiramay ng komunidad sa panahon ng kagipitan at kalungkutan.

Ito ay isang obligasyong panlipunan sa mga Imangali, isang natatanging kaugaliang hinahangaan ng ibang baryo dahil sa laki ng *adang* o abuloy na nakokolekta sa panahon ng kalungkutan. Bawat pamilya ay magbibigay, anuman ang estado sa buhay, maliit o malaking tulong.

KADAMAL

(kadamal – binibigkas ito nang malumay, walang tunog ang K at may bar line sa itaas ng L)

Ito ay isang ritwal na isinasagawa sa hapon pagkatapos ng libing. Kung lalaki ang namatay, magluluto sila ng *niludag* (kakaning iluluto sa kawayan) na may kapares na *bangsulo* (maliliit na isdang ilog) at kung babae naman ay magluluto ng *pinantolok* (malagkit na nabayo, halaluan ng ginadgad na niyog at iluluto sa malaking kaldero) na may kapares din na *bangsulo*. Aanyayahan ang mga kaanak at mga kapitbahay na makikain.

SONGOT

(songot - binibigkas ito nang mabilis)

Kapag naluto ang kakanin ay maglalagay sila sa *panay* o *porcelain* at tatakuban din ng isa pang *panay* at ito ay itatali upang ibitin sa puntod ng namatay, magsisilbi itong baon ng namatay upang hindi siya magutom sa mahaba niyang biyahe. Sa gawaing ito, ipinapakita ang pagpapahalaga at pagtitiwala sa susunod na buhay pagkatapos ng buhay sa mundong ibabaw. Sa Apayao man ay may mga ritwal ding sinusunod katulad ng pagligo sa patay bago maiburo kung saan kailangang paliguan agad ang mga labi upang mawala lahat ng anumang itinuturing na *duma*, pagkatapos ay aayusan ng magandang damit upang sa ganoon ay kaaya-aya sa mga ninunong naunang namatay na. Isa ring ritwal nila ang pagkatay ng hayop upang pagkainin ang mga taong

nakikipaglamay pagkatapos ipaalam ang pagkamatay sa buong komunidad. Pag nailibing na ay magpapaapoy sila sa may kuweba upang hindi makaramdam ng lamig ang namatay (Celino, S., 1990).

Base sa mga nakalap na datos, may tatlumpu't limang mga termino o salita na ginagamit sa ilang ritwal at paniniwala ng mga Imangali. Ang mga terminong ito ay magsisilbing talasalitaan at pagkakakilanlan ng mga Imangali na laging magpapaalala sa kanilang kultura, na siyang nagbubuklod at nagbibigkis sa kanila bilang isang pamilya at komunidad.

Magagamit ang resulta ng pananaliksik na ito sa pagtuturo ng mga araling may paksa tungkol sa kultura tulad ng asignaturang Cordillera 101 na kasama sa kurikulum ng mga nasa unang taon ng kolehiyo sa lahat ng kurso sa buong Cordillera. Ang naturang asignatura ay pumapaksa sa kultura ng iba't ibang probinsya ng Cordillera, ang kanilang mga paniniwala, ritwal, gawain, sining, literatura at iba pang katulad. Ang nagiisang unibersidad sa lalawigan ng Kalinga, ang Kalinga State University ay nagtayo ng Center for Language na may layuning mag-offer ng short courses sa sinumang nais mag-aral sa iba't ibang wika, maging lokal o internasyonal. Ang kalalabasan ng pananaliksik na ito ay magiging materyal, na gagamitin ng mga nais mag-aral sa wikang Kalinga, partikular ang Mangali sa naturang sentro.

Sa pagtuturo ng mga bata ay mainam na marunong ang guro sa kontekstuwalisasyon partikular ang *indigenization* ng mga aralin upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral kung ang pinag-uusapan ay tungkol sa kanilang sarili. Iminumungkahing magkaroon ng integrasyon ng mga katutubong wika at kultura sa pagtuturo para sa mas epektibong pag-aaral ng mga aralin.



MGA SANGGUNIAN

- Celino, S. M. (1990). *Death and Burial Rituals and other Practices and Beliefs of the Cordillerans*.
Eberhard, David M., Gary F. Simons, and C. D. F. (eds.). (2023). *Ethnologue: Languages of the World, Twenty-sixth edition* (T. Dallas (ed.)). SIL International. Online version. <http://www.ethnologue.com>
Garcia, M. Y. (2009). *Ang relasyon ng wika at kultura*. 53, 0–2.
Global Citizen. (2023). *9 Unique Fruits from Around the World*. <https://www.healthline.com/health/food-nutrition/exotic-nutritious-fruits#1.-Durian>
Guzman, M. F. D. De, Eblacas, I. E. & Lasco, G. R. (2021). Open Access THE INTEGRATION OF INDIGENOUS PEOPLES (IPs) STUDIES / EDUCATIONIN THE HIGHER EDUCATION INSTITUTION (HEI) CURRICULA : A LITERATURE REVIEW. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 3, 113–120. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/03/L2153113120.pdf>

- King, L. & Schielmann, S. (2004). *The Challenge of indigenous education: practice and perspectives*.
Leabres Jr., J., Jose, M., Nuqui, A., Nogoy, J., Pudadera, R. & Ramos, W. (2019). Maternal and Infant Care Beliefs and Practices of Aeta Mothers in Central Luzon, Philippines. *Journal of Health and Caring Sciences*, 1(1), 33–40. <https://doi.org/10.37719/jhcs.2019.v1i1.oa003>
Mangahis, J. C. (2010). Ang Pagkatuto ng Pangalawang Wika at Asimilasyon ng Kultura *. *Philippines E-journals*, 1, 127–135. <https://ejournals.ph/article.php?id=7983>
Palacio, M. B. A., Palacio, C. S., Ebuenga, L. C. & Valladolid, E. S. (2014). *Maternal-Infant Health Beliefs and Practices of Mothers in Resettlement Sites in the Province of Albay*. 5(5), 38–42.
R., S. (2014). Cultural Practices and Beliefs on Newborn Care Among Mothers in a Selected Hospital of Mangalore Taluk. *Journal of Health and Allied Sciences NU*, 04(02), 021–026. <https://doi.org/10.1055/s-0040-1703759>
Rappler.com. (2023). Wikang Katutubo: Ang

- Pagkakakilanlan ni Juan. *PINULONGAN*. <https://pinulonganph.wordpress.com/about/>
- Reyes, A. (2014). The Socio – Cultural Life of the Ifugao of Chaja , Mayoyao , Ifugao , Philippines : It’s Educational Implication. *International Research Journal of Social Sciences*, 3(2), 44–50.
- Reyes, S. (2001). *Kalinga Social Life: Yesterday, Today, and Tommorrow*.
- Rudi Lewis. (2023). *The Ceremony of Hair*. <https://rudilewis.com/the-ceremony-of-hair/>
- Sappa, G. D., & Wangiwang, M. J. D. (2016). Language expressions in the selected rituals and practices of the Mangali sub-tribe. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences*, 5(6), 902-918.
- Southey, E. (2020). Fascinating Wedding Traditions From Around the World. In *Wedelf*. <https://wedelf.com/wedding-traditions-around-the-world/>
- Tuguic, A. L. (2016). Polyhedron and culutral value in the Kalinga heirloom beads. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences*, 5(6), 620–626.



Si **MARYJOYCE DUPALI-WANGIWANG** ay isang tubong Mangali, Tanudan, Kalinga, sa piling ng mahal na asawa na si Apolinario Dumalan-Wangiwang na isang *scout ranger* at K-9 ay nabiyayaan ng apat na masisiglang anghel na sina Ivan Dale, Shanaia, Jericho Lee, at Dwight Jeremy.

Sumubok makipagsapalaran sa larangan ng edukasyon kung saan nagsimula sa antas elementarya sa Tanudan *Central School*, taong 1979-1985 at nagpatuloy sa sekundarya sa Tanudan *Vocational High School* taong 1985-1989. Tumuntong sa kolehiyo sa *Saint Louis University Baguio City* at tinapos ang kursong *Bachelor of Secondary Education*, medyor sa Filipino sa ilalim ng *SEGEAP Scholarship* taong 1989-1993. Taong 2001 naman ay tinapos ang *Master of Arts in Education Filipino* sa *St. Louis College of Bulanao* at noong taong 2009 ay nagtapos ng kaniyang *Doctor of Philosophy major in Education Development* sa *Kalinga-Apayao State College* na ngayon ay *Kalinga State University*.

Unang nagturo sa *St. Paul’s Sayangan, Atok, Benguet* noong 1993-1996, *St. William’s Academy Bulanao* taong 1996-1999, *St. Louis College of Bulanao* 1999-2006. Kasalukuyang nagtuturo sa *Kalinga State University* mula 2006 hanggang ngayon sa *College of Education*.

Sa larang ng pananaliksik ay pinagtuuan ang wika at panitikan, kultura at mga paksang may kaugnayan sa mga mag-aaral: Tema at Pagpapahalaga sa Ullalim (Ang Mahiwagang Pagkapanganak kay Banna) - Epiko ng Kalinga, Mga Paniyaw Hango sa Ilang Literatura ng Kalinga Pagsasatitik sa mga Pasalindilang Literatura ng Kalinga, Tasasyon sa Pagtuturo ng mga Akdang Pampanitikan Pilipino sa *Institute of Teacher Education*, Simbolismong Kultural sa Kuwento ng *Sleeping Beauty, Language Expressions in the Selected Rituals and Practices of the Mangali Subtribe*, at marami pang pananaliksik na may kaugnayan sa kultura, wika, at panitikan.